HEKASI 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# PAGKAMAMAMAMAYANG PILIPINO NATAMO, NAWALA AT MULING NATAMO


**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS), DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.


This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE VI

# PAGKAMAMAMAYANG PILIPINO NATAMO, NAWALA AT MULING NATAMO



## ALAMIN MO



BIR FORM 0016 (MARCH, 2000)

COMMUNITY TAX CERTIFICATE — INDIVIDUAL — CCI2004 22340152

TAXPAYER'S COPY

| | | | |
|---|---|---|---|
| YEAR 2005 | PLACE OF ISSUE (City /Mun./ Prov.) CITY OF SANTA ROSA | DATE ISSUED 02, 04, 05 | TIN (If Any): |
| NAME (SURNAME) (FIRST) (MIDDLE) MURILLO MARION GRACE A. | | | SEX: 1 MALE 2 FEMALE |
| ADDRESS Sta Rosa Garden Villas, Labas, SRL | | | |
| CITIZENSHIP FIL. | ICR NO. (If an Alien) | PLACE OF BIRTH | HEIGHT |
| CIVIL STATUS 1 Single 2 Married 3 Widow/ Widower/ Legally Separated 4 Divorced | | DATE OF BIRTH 02-09-72 | WEIGHT |
| PROFESSION / OCCUPATION / BUSINESS | | TAXABLE AMOUNT | COMMUNITY TAX DUE |
| A. BASIC COMMUNITY TAX (₱5.00) Voluntary or Exempted (₱1.00) | | | ₱ 145.00 |
| B. ADDITIONAL COMMUNITY TAX (tax not to exceed ₱5,000.00) | | | |
| 1. GROSS RECEIPTS OR EARNINGS DERIVED FROM BUSINESS DURING THE PRECEDING YEAR (₱1.00 for every ₱1,000.00) | | ₱ | |
| 2. SALARIES OR GROSS RECEIPT OR EARNINGS DERIVED FROM EXERCISE OF PROFESSION OR PURSUIT OF ANY OCCUPATION (₱1.00 for every ₱1,000) | | | |
| 3. INCOME FROM REAL PROPERTY (₱1.00 for every ₱1,000) | | | |
| Right Thumb Print | TAXPAYER'S SIGNATURE | TOTAL | ₱ |
| | | INTEREST | |
| | LAURA A. SY CITY TREASURER MUNICIPAL / CITY TREASURER | TOTAL AMOUNT PAID | ₱ 145.00 |
| | | (In words): | |

DOP: 08-11-2004

Alam mo ba ang nasa larawan?

Ito ang tinatawag na sedula sa Community Tax Certificate. Bawat mamamayan na may labingwalong taong gulang ay dapat kumuha nito. Dito nakasulat ang mahahalagang impormasyon ng isang tao. Ito ay isang katibayan ng pagkamamamayang Pilipino.



Sa modyul na ito matutuhan mo ang mga sumusunod:

- Pagtatamo ng pagkamamamayang Pilipino
- Pagkawala ng pagkamamamayang Pilipino
- Muling pagtatamo ng pagkamamamayang Pilipino

## PAGBALIK-ARALAN MO

Sino ang mamamayang Pilipino? Gumuhit ng watawat (⚐) kung mamamayang Pilipino at ( ★ ) kung hindi mamamayang Pilipino sa bubong ng bahay.

1. ___________

Si Linda ay isinilang sa Maynila. Ama at Ina niya ay kapwa taga Bulacan.

2. ___________

Si Procesa ay ipinanganak sa Cotabato. Ang kanyang ama ay taga Mindano. Arabo ang kanyang ina.

3. ___________

Si Gregory ay ipinanganak sa Canada. Ang kanyang ama at ina ay parehong Kastila.

4. ___________


Si Nanding ay isang Pilipino na naglilingkod sa Hukbong Pandagat ng Estados Unidos sa loob ng 12 taon.

5. ___________

Si Fely ay ipinangak sa Hongkong. Ang kanyang ama ay isang Koreano at ang kanyang ina ay Pilipino.



## PAG-ARALAN MO





Masdan mo ang larawan.

Sila ang mga mamamayang Pilipino na naninirahan sa ating bansa. Natamo nila ang pagkamamamayang Pilipino sa pamamagitan ng pagsilang at ng naturalisasyon.

Sagutin mo ito.

1. Sino ang mamamayang Pilipino?
2. Paano natatamo ang pagkamamamayang Pilipino? Isulat mo ang iyong sagot sa concept map sa ibaba.




- Basahin mo ang interbyu sa mga taong naninirahan sa Tondo, Maynila.
- Suriin mo kung paano nila natamo ang pagkamamamayang Pilipino sa pamamagitan ng pagsilang.

Tagapagsalita :



"Magandang umaga po!" Narito na naman tayo sa ating programa: "Pagkamamamayang Pilipino, Ikarangal Mo!" Marami pa tayong mga panauhing kapwa Pilipino. Paano po ninyo natamo ang pagkamamamayang Pilipino.

G. Santos :



"Ako po ay Pilipino. Relasyon sa dugo ang batayan ng pagtatamo ng aking pagkamamamayan sapagkat sinusunod ko ang pagkamamamayan ng aking mga magulang saan mang bansa sila isinilang. Tinatawag po itong JUS SANGUINIS. Ito ang tuntuning nananaig sa Pilipinas.

Gng. Reyes :



"Ako po ay Pilipino rin. Ang batayan ng pagtatamo ng aking pagkamamamayan ay ang lugar na aking sinilangan. Ang tuntuning ito ay tinatawag na JUS SOLI o JUS JOCI."

Tagapagbalita :




"Pakinggan naman po natin ang isang tao na naging mamamayan ng isang bansa ayon sa kung saan siya ipinanganak maging anuman ang pagkamamamayan ng kanyang mga magulang.

Ryan Cruz :



"Ako po ay Pilipino. Kapwa Pilipino ang magulang ko at isinilang sa Estados Unidos. Subalit ako ay Pilipino rin batay sa tuntuning JUS SANGUINIS. Dalawa ang taglay kong pagkamamamayan. Pag ako ay tumuntong ng 21 taong gulang, maari ko nang piliin ang aking pagkamamamayan. Ito ang tuntuning sinusunod sa Estados Unidos.

Ayon sa interbyu sa mga tao, paano nila natamo ang pagkamamamayan sa pamamagitan ng pagsilang? Subukin mong gamitin ang Web Tree sa ibaba. Isulat mo ang dalawang prinsipyong nakapangyayari sa kanyang pagkamamamayan at ang batayan nito. Dugtungan mo na ito.




- May isa pang paraan kung paano natatamo ang pagkamamamayang Pilipino. Ito ay sa pamamagitan ng paraang naturalisasyon.

> Ang naturalisasyon ay ang pagtalikod ng dayuhan sa kanyang pagkamamamayan upang tanggapin ang pagkamamamayang Pilipino. Itto ay maaring matamo sa pamamagitan ng hatol ng hukuman o batas ng Kongreso.

- Tingnan mo ang larawan ng intsik.  Ano ang ipinakikita nito?







- Anu-anong mga katangiang dapat taglayin upang maigawad ang naturalisasyon?
- Basahin mo ang tekstong ito.

> Ang sinumang dayuhan na humiling sa hukuman ng naturalisasyon ay kailangang magtaglay ng mga sumusunod na katangian:
>
> 1. Hindi kukulangin sa 21 taong gulang sa araw ng pagdinig ng kaso.
> 2. Naninirahan na sa loob ng sampung taon.
> 3. Nagmamay-ari ng mga lupain o kaya'y may matatag na hanapbuhay.
> 4. Nabubuhay nang marangal at may mabuting pagkatao.
> 5. Nagpapa-aral ng kanyang mga anak sa mga paaralang pampubliko o paaralang pribado na kinikilala ng pamahalaan.

- May kakilala ba kayo na humiling ng naturalisasyon sa hukuman sa pagtatamo ng pagkamamamayang Pilipino?  Anu-ano ang mga katangiang dapat taglayin?  Gawin mo ito sa grapikong presentasyon sa ibaba.




Paano naman kaya mawawala ang pagkamamamayang Pilipino.

- Unawain mo ang mga sumusunod sa sitwasyon:


1. Si Virgilio ay naging naturalisadong mamamayan ng ibang bansa at nanumpa ng katapatan dito.

2. Si Mariano na taga-Mindoro ay sumapi sa Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos at itinakwil ang bansang pinagmulan.

3. Si Veralyn ay nakapag-asawa ng taga-Australya at doon nanirahan na nagpawalang-bisa ng kaniyang pagkamamamayangg Pilipino.

Sagutin mo ito.

Anu-Ano ang mga dahilan ng pagkawala ng pagkamamamayang Pilipino? Isulat mo ang iyong sagot sa grapikong presentasyon.




- Kung nawala ang kamamamayang Pilipino, natatamo kayang muli ang pagkamamamayang ito?
- Basahin mo naman ang tulang ito.

**Pagkamamamayang Pilipino: Muling Natamo**


Pagkamamamayang Pilipino ay muling natatamo. Sa pamamamagitan ng mga pamamaraang ito.

Una'y pagsasagawang muli ng naturalisasyon Ikalawa'y sa bisa ng kongreso'y inaksyon.

Ikatlo'y muling panunumpa ng katapatan sa Republika ng Pilipinas, bansang sinilangan.

Panghuli'y pagpapatawad sa isang tumakas sa kinaanibang Sandatahang Lakas.

- Naunawaan mo ba ang mensahi ng tula? Anu-ano ang paraan upang matamo. Muli ang pagkamamamayang Pilipino? Isulat mo sa Banner Web ang iyong sagot.




- Subukin mo namang gawin ang BAHAY Tsart sa ibaba.  Pumili ka ng angkop na salita na nasa ibaba na ilalagay sa bawat hanay ng Pagkamamamayang Pilipino.

| PAGTATAMO | PAGKAWALA | MULING PAGTATAMO |
|---|---|---|
| | | |


| | |
|---|---|
| Jus Sanguinis | Muling Naturalisasyon |
| Pagsapi sa Hukbong Sandatahan ng ibang bansa | Jus Soli |
| Pag-aasawa ng isang dayuhan | Muling panunumpa ng katapatan |

HARDIN NG MGA SALITA


## PAGSANAYAN MO

Isulat ang  tamang sagot sa tamang kahon sa ilalim nito.


1. Ang mga taong nagtamo ng pagkamamamayan sa pamamagitan ng batas o hukuman ay tinatawag na ____________.




2. Sa JUS SAGUINIS ang relasyon  sa _____________ ang batayan ng pagtatamo ng pagkamamamayan.




3. Ang batayan ng patatamo ng pagkamamamayan sa ilalim ng tuntuning JUS SOLI o JUS LOCI ay ang ____________  na sinilangan.



4. Ang isang dahilan ng pagkawala ng pagkamamamayang Pilipino ay ang panunumpa ng  _____________ sa isang bansa.



5. Ang dating mamamayan ng Pilipinas ay maaaring matamong muli ang pagkamamamayang Pilipino sa pamamagitan ng bisa ng aksyon ng __________.



## TANDAAN MO

- Maaring matamo ang pagkamamamayang Pilipino sa pamamagitan ng pagsilang at naturalisasyon.
- Ang pagkamamamayang Pilipino ay maaaring mawala at maaring matamong muli sa pamamamagitan ng hatol ng hukuman o batas ng kongreso.

## ISAPUSO MO

Masasabi mo ba na ikaw ay isang tunay na mamamayang Pilipino? Paano?


Ano ang iyong damdamin: ☺ ☹ 😐 kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong mamili ng pagkamamamayan batay sa mga pangyayari sa iyong buhay, alin ang pahahalagahan mo, ang iyong pagka-Pilipino o ang pagkamamamayan ng ibang bansa? Bakit?

Kung ang napili mo ay ang pagka-Pilipino, isulat mo ang sagot sa kasuutang “Barong Tagalog” at kasuutang “Amerikano” kung pagkamamamayan ng ibang bansa. Lagyan mo ng mukha ang iyong nadarama.

## GAWIN MO

Basahin mo ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat mo ang **NT** <u>kung ang pagkamamamayang Pilipino ay natamo</u>, **NW** <u>kung nawala</u> at **MMT** <u>kung muling matatamo.</u>

| | |
|---|---|
|  1. | Ako ay si Mario, ipinanganak sa Bohol. Ang ama ko ay Pilipino. Intsik ang aking ina. Ang aking pagkamamamayang Pilipino ay _____________. |
|  2. | Ako ay si Virgilio. Sumapi ako sa Hukbong Sandatahan ng Amerika. Ang aking pagkamamamayang Pilipino ay _____________. |
|  3. | Ako ay si Beth. Ang tatay at nanay ko ay Ifugao. Ang aking pagkamamamayang Pilipino ay _____________. |
|  4. | Ako ay si Lalaine. Nakapag-asawa ako ng taga-Malaysia at doon na kami naninirahan. Ang aking pagkamamamayang Pilipino ay _____________. |



| | |
|---|---|
|  5. | Ako ay si Sally ay naging mamamayang Amerikano. Nagbalik-bayan ako at gusto niyang maging Pilipino muli. Nagharap siya ng kahilingan sa hukuman at pinagtibay ng kongreso. Ang aking pagkamamamayang Pilipino ay _______________. |



## PAGTATAYA

Isulat ang **S** kung *sang-ayon* ka sa ipinahahayag ng pangungusap at **DS** kung *di-sang-ayon*.

_______1. Ang pagkamamamayang Pilipino ay maaring matamo ni Aida So sa pamamagitan ng naturalisasyon.

_______2. Si Rosamila ay Pilipino sapagkat mamamayan na siya ng Pilipinas mula sa pagsilang.

_______3. Ang pagkamamamayang Pilipino ni Elizabeth ay nawala dahil nakapag-asawa siya ng Espanyol.

_______4. Hindi na muling magiging Pilipino si Arsenio dahil sumapi siya sa Hukbong Pandagat ng Estados Unidos.

_______5. Si Reynaldo ay anak ng mamamayang Pilipino. Siya ay ipinangaanak sa Canada. Pagsapit niya ng 21 taong gulang, maaari niyang piliin ang kanyang pagkamamamayan.

PAGPAPAYAMANG GAWAIN

- Ipinagmamamalaki mo ba na ikaw ay mamamayang Pilipino, Bakit?
- Bilang munting mamamayang Pilipino, paano mo ikararangal na ikaw ay Pilipino?
- Maaari kang lumikha ng tula, tugma o sanaysay o gumuhit.
- Maaari mong gabay ang paksang ito.

Pagkamamamayang Pilipino, Ikarangal Mo!



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.